April, 2026

# Para saan at ano ba ang “Automobile Tax "

Alam mo ba na may tax na binabayaran ang sasakyan sa Japan? Heto ang simpleng paliwanag.

| | National Tax | Prefectural Tax | City Tax |
|---|---|---|---|
| Kapag bumili ka ng sasakyan | Vehicle Weight Tax | **Automobile Tax** | |
| Kapag may-ari ka ng sasakyan | | **Automobile Tax** | **Light Weight Automobile Tax** (Yellow play) |
| Kapag magpapa- inspeksyon ng sasakyan(shaken) | Vehicle Weight Tax | | |

Ipapaliwanag sa ibaba ang isa sa pinaka-karaniwang tax sa Japan, ang “Automobile Tax”.

### ◎ Paano ang sistema ng Automobile Tax?

Ang Automobile Tax ay buwis na binabayaran ng may-ari ng sasakyan isang beses bawat taon. Kung ikaw ang may-ari ng sasakyan na nakarehistro sa Transport Bureau noong Abril 1, ikaw ang magbabayad ng buwis para sa taong iyon. Kung ang sasakyan ay nairehistro pagkatapos ng Abril, kailangan mong magbayad ng buwis buwan-buwan, simula sa susunod na buwan ng rehistro hanggang sa susunod na Marso.

Ang buwis ay kino-compute ayon sa uri ng sasakyan (Ex: kotse o truck), at ayon din sa laki ng makina at sa bigat na kayang ikarga ng sasakyan.

Ipinapadala sa simula ng Mayo ang notice para sa pagbabayad ng buwis.

Nakasulat sa notice ang halaga ng buwis at ang petsa kung kailan dapat magbayad.

Makikita sa ibaba ang mga lugar at paraan kung saan puwedeng magbayad.

Kapag nahuli ang bayad at lumampas sa due date, may dagdag na babayaran (penalty) ayon sa batas..

### ◎Lokasyon at Paraan ng Pagbabayad

・**Mga bangko / financial institution**
(Para sa listahan ng mga bangko na puwedeng bayaran ng buwis, pakitingnan ang website ng Local Tax Agency (Japanese language lamang ang website)

| 共通納税対応金融機関 | Search Keyword |
|---|---|

・Convenience stores sa Japan
7- Eleven, Daily Yamazaki, Family Mart, Ministop,
Yamazaki Special Partner Shop, Lawson (Alphabetical Order)

・Stores na may MMK Terminals

・Maaaring ring magbayad gamit ang smartphone payment app.
Tignan ang Local Tax Agency website (※) (Japanese language lamang ang website)
Tandaan na may mga app na hindi puwedeng gamitin para sa pagbabayad ng tax, kaya siguraduhing tingnan muna ang website ng app bago magbayad..
(※) Sa September 2026, papalitan ang pangalan nito at magiging “eL Payment Site.”

| 地方税お支払いサイト | Search Keyword |
|---|---|

・Maaari ka ring magbayad gamit ang credit card o internet banking sa local website para sa pagbabayad ng tax (Japanese language lamang ang website).

・Internet banking o mobile banking na tumutugon sa Pay-easy (pakikipag-transaksyon sa bangko gamit ang internet), ATM atbp.

・Maaari ring gamitin ang bank transfer upang bayaran ang iyong tax.
Para sa mga detalye kung paano mag-apply ng bank transfer,magtanong o mag-apply sa isang bangko

sa inyong prepektura.(hindi kasama ang Japan Post Bank)

■ Ang sumusunod ay pangunahing halaga ng buwis.

【Mga Sasakyang pang-sarili】

| Laki ng makina | Private Use | | Commercial Use |
|---|---|---|---|
| | Tax Rate①(※) | Tax Rate②(※) | |
| 1,000cc pababa | ¥29,500 | ¥25,000 | ¥7,500 |
| lampas 1,000cc hanggang 1,500cc | ¥34,500 | ¥30,500 | ¥8,500 |
| lampas 1,500cc hanggang 2,000cc | ¥39,500 | ¥36,000 | ¥9,500 |
| lampas 2,000cc hanggang 2,500cc | ¥45,000 | ¥43,500 | ¥13,800 |
| lampas 2,500cc hanggang 3,000cc | ¥51,000 | ¥50,000 | ¥15,700 |

※Tax Rate①：para sa mga bagong sasakyan, naiparehistro hanggang Setyembre 30, 2019

※Tax Rate②：para sa mga bagong sasakyan na, naiparehistro mula Oktubre 1, 2019 pataas

【Mga Truck】

| Bigat na kayang i-karga ng truck | Private Use | Commercial Use |
|---|---|---|
| 5 tons pababa | ¥8,000 - ¥25,500 | ¥6,500 - ¥18,500 |
| lampas 5 tons hanggang 8 tons | ¥30,000 - ¥40,500 | ¥22,000 - ¥29,500 |

**◎ Sistema ng Green-ka zei (Eco-Friendly Tax)**

Ginagawa ang sistemang ito para mas maraming gumamit ng sasakyan na mas kaunti ang usok at polusyon. May sistema na tinatawag na “Greenization of Automobile Tax ” Sa sistemang ito, ang iyong Automobile Tax ay puwedeng bumaba o puwedeng tumaas, depende kung kaunti o marami ang usok at polusyon na nilalabas ng sasakyan mo.

**◎Maaari nang magpa-inspeksyon (shaken) ng sasakyan kahit hindi magpakita ng “Automobile Tax ” certificate.**

Kapag magpapa-shaken ka ng sasakyan (kasama na ang shaken para ipagpatuloy ang paggamit ng sasakyan, at kapag may binago sa itsura o istruktura ng sasakyan), ang impormasyon na nakalagay sa “Automobile Tax ” certificate ay makikita na online ng Transport Bureau.

※Paalala, Maaaring umabot ng hanggang 2 linggo bago makita sa system ng transportation office ang bayad. Magbayad sa pinakamalapit na Prefectural Tax Office o Automobile Tax Office Kung magpapa-shaken ka agad, kunin ang tax payment certificate at ipakita ito sa transportation office.

Tandaan: Kung nagbayad sa pamamagitan ng bank transfer, internet credit card, o smartphone payment app, hindi nagbibigay ng tax payment certificate.

**◎Kapag ibinenta, ipinasa sa iba, o pina-scrap ang sasakyan, o kaya nagpalit ng address, kailangan mong magpa-register o magpa-update ng address sa transportation office.**

Puwedeng magkaroon ng problema, Kung hindi mo pina-update. Halimbawa:

• Makakatanggap ka pa rin ng tax notice kahit naibenta o naipasa mo na ang sasakyan.

• O kaya naman, hindi darating ang tax notice ng sasakyan na pagmamay-ari mo.

Kahit nagpalit ka na ng address sa city hall o munisipyo, kailangan mo pa rin mag-update sa transportation office. Kung hindi, hindi darating ang tax notice mo.

Kung hindi mo agad ma-asikaso, makipag-ugnayan sa Automobile Tax Office.
Kapag nabayaran mo na ang automobile tax at pagkatapos ay pinatanggal mo ang registration ng sasakyan, ibabalik sa iyo ang sobrang bayad simula sa susunod na buwan. Buwan-buwan ang bilang ng refund.

**▪ara sa mga tanong tungkol sa registration procedure, makipag-ugnayan sa opisina na nakatalaga. (Ang mga inquiry ay tinatanggap lamang sa wikang Japanese)**

| *Pangalan ng Opisina* | *Address* | *Telepono* |
|---|---|---|
| Chubu District Transport Bureau, Gifu Branch | 〒501-6133 Gifu City, Hikie 2648-1 | (050) 5540-2053 |
| Chubu District Transport Bureau, Gifu Branch<br>Hida Vehicle Inspection Registration Office | 〒506-0035 Takayama City, Shingu Cho 830-5 | (050) 5540-2054 |

## ◎Pagbabawas o exemption sa Automobile Tax ’

May programa ng pagbabawas ng automobile tax para sa mga may kapansanan na pasok sa itinakdang criteria, tulad ng physical o mental disability, at sila ang may-ari ng sasakyan.
Maaaring mag-apply sa pinakamalapit na Prefectural Tax Office, Gifu Prefecture Automobile Tax Office, o sa Hida Prefectural Tax Office Automobile Tax Branch.

**【Para sa mga katanungan may kinalaman sa Automobile Tax】**

| *Pangalan ng* Opisina | *Address* | Telepono |
|---|---|---|
| Gifu Automobile Taxation Office<br>(para sa Gifu registration plate) | 〒501-6192<br>Gifu City, Hikie 2648-3 | (058) 279-3781 |
| Hida Prefectural Taxation Office, Automobile Taxation Branch (para sa Hida registration plate) | 〒506-0035<br>Takayama City, Shingu Cho 830-7 | (0577) 36-1400 |

**【Para sa mga tanong tungkol sa konsultasyon sa ibang wika, tumawag sa nakasulat na opisina.】**

| | Araw at Oras ng Konsultasyon |
|---|---|
| Gifu International Center | Lunes ～ Biyernes 9:30 ~ 16:30<br>〒 500-8875 Gifu City, Yanagase Dori 1-12, Gifu Chunichi Bldg. 2F<br>Telepono: (058) 263 - 8066 |
| Kamo Prefectural Office | Lunes ～ Huwebes 9:00 ~ 16:00<br>Biyernes 9:00 ~ 15:00<br>〒 505-8508 Minokamo City, Kobi Cho, Shimo kobi 2610-1 Kamo General Government Bldg. 3F<br>Telepono: (050) 1731 - 7583 |

**Prepektura ng Gifu**

